**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS NA YAMAN

BAGONG PILIPINAS

AUG 06 2024

**TANGING ATAS**
**BLG. 2024- 474**

**PAKSA : PAGDIRIWANG NG LINGGO NG WIKA MULA AGOSTO 12-16, 2024 NA MAY TEMANG WIKANG MAPAGPALAYA**

Alinsunod sa Batas Republika Bilang 7104, Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335, at Komisyon sa Serbisyo Sibil Patalastas Bilang 5, s. 2017, inatasan ang mga ahensiya ng pamahalaan na magtaguyod ng mga gawain para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng wikang Filipino.

Bilang pagtalima sa nasabing kautusan ang ating kagawaran ay magsasagawa ng mga sumusunod na gawain sa Linggo ng Wika mula Agosto 12-16, 2024:

1. Eksibit ng mga dokumento o IEC materials sa wikang Filipino;
2. SalaWIKAlikasan - patimpalak sa pagsulat ng salawikain tungkol sa kalikasan, kapaligiran at likas na yaman (limang entry ang pipiliin at mananalo ng limang daang piso (P500) ang bawat kalahok);
3. Patimpalak sa pagsuot ng katutubo, tradisyunal, at pambansang kasuotan (tanging gantimpala -P5,000); at
4. Panayam (lecture) tungkol sa Wikang Mapagpalaya.

Kaugnay nito inaatasan ang Dibisyon ng Pangangasiwa ng mga Stakeholder at Pagsasaayos ng Alitan (Stakeholders Management and Conflict Resolution Division) na pangunahan ang mga nasabing gawain. Ang Dibisyon ay maaaring humingi ng kaukulang tulong teknikal sa iba pang opisina ng kagawaran para sa matagumpay na pagdiriwang ng Linggo ng Wika.

Ang mga Pangalawang Kalihim ng Operasyon sa Larangan - Luzon, Visayas at Mindanao ay awtorisado na amendahan o baguhin ang iskedyul ng aktibidad kung sakaling salungat ang petsa nito sa iba pang aktibidad ng Kagawaran.

Magmumula sa badyet ng SMCRD ang premyo, token sa resource speaker, at iba pang mga gastusin na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pagaawdit.

Ang Atas na ito ay magkakabisa sa petsa ng pagdiriwang.

**AUGUSTO D. DELA PEÑA**
Pangalawang Kalihim
Pangasiwaan ng Pagbabagong Pang-organisasyon
at Yamang Tao